

1

“Ate, sigurado po ba kayong ito lang? Baka naman po puwedeng paki-recompute?”

Halos hindi na maipinta ang mukha ni Myra habang nakatayo sa tabi ng payroll booth ng dating kompanyang kanyang pinapasukan. Kare-resign lang niya noong nakaraang linggo at ngayon ay kinukuha niya ang back pay niya.

Ang alam niya ay malaki-laki rin ang makukuha niyang separation pay dahil sa halos apat na taon niyang paninilbihan sa kompanya. Pero sa malas, ni wala pa sa kalahati ng inaasahan niya ang ibinibigay sa kanya.

“Pasensya ka na, Miss Inocencio, pero ito lang talaga ang makukuha mo,” sagot ng clerk.

“Pero, hindi ba masyado naman yata itong mababa? Almost four years ako sa company.” She was actually not after the money. Ang gusto lang niya ay isang patas na compensation para sa pagsisilbi niya sa mga ito.

“Sorry, pero wala naman iyan sa tagal mo sa kompanya. Kahit ilang beses pa natin itong

i-recompute, ito at ito pa rin ang lalabas.”

Asar na iniwan niya ang gusali saka nag-abang ng taxi pauwi.

“Mga hinayupak talaga ang mga tao ngayon. Kung hindi mga power-tripper, mga sugapa naman sa pera.” Muli niyang nilingon ang mataas na gusaling pinanggalingan niya. “Hah! Mabuti na lang at nakawala na ako sa mga kuko ninyo. Sige na, inyo na ang pera ninyo. Huwag sana kayong bangungutin sa pagtulog. O maimpatso habang kumakain kayo. Ipagdadasal ko ang mga kaluluwa ninyo.”

“Amen.”

Asar na nilingon niya ang sumagot. It was Charlotte, one of her friends and long-time neighbor sa village na tinitirhan niya. “Bakit hindi mo na rin kaya taniman ng bomba iyang building ninyo at nang makompleto ang drama mo?”

“Ano’ng ginagawa mo rito?” tanong niya nang tabihan siya nito sa gilid ng kalsada.

“Well, dinalaw ko lang naman si Trace. Alam mo naman ang lalaking iyon, laging kinakalimutan ang bayad para sa lintik na anak niya. Since naggagala naman ako, ako na ang pumunta para kikilan siya.”

Napailing siya. Charlotte was their village's resident dentist. Pero daig pa nito ang mga politiko sa sobrang taas ng singil—or rather, ng *kikil*—nito. Not that she wasn't any good. Iyon nga lang, malupit talaga ito sa kikilan.

“Ikaw, ano'ng ginagawa mo dito? Maliban sa pag-oorasyon sa gusaling ito, that is,” tanong nito.

Agad na nalukot ang mukha niya. “Kinuha ko ang back pay ko. Kaya lang, ang mga buwaya kong amo, tinaga ang sahod ko.”

Pumalatak ito. “Iyan na nga kasi ang matagal ko nang sinasabi sa iyo. Kung pumapayag kang doon sa kompanya ng tatay ko magtrabaho, eh, di sana, hindi ka nagkakasala ngayon.”

Charlotte's father owned one of the biggest gaming company in the country. Matagal na rin siyang inuudyukan ng mga itong doon na lang magtrabaho at nang magamit daw niya ang tinapos niyang kurso na Computer Programming. Not that she was against it or anything. Ayaw lamang niyang masabing malakas lang ang kapit niya kaya siya nagkatrabaho—or something to that effect. She just wanted to make it on her own.

“Charlotte—”

“Oo na, oo na.” Pinara nito ang paparating na taxi at binuksan ang pinto. “Gusto mong patunayan muna ang sarili mo bago tanggapin ang alok ni Papa. Fine, fine.”

Charlotte just held the car door open. “Hindi ka ba sasakay?” tanong niya nang hindi pa rin ito kumikilos sa kinatatayuan.

“I still have to go somewhere. Mauna ka na.”

Tinapik siya nito sa balikat nang makaupo siya sa backseat ng taxi. “Loosen up, Myra. Papangit ka niyan.”

“I know.” Nginitian niya ito. “Thanks, Cha.”

Isasara na niya ang pinto nang pigilan nito iyon. “By the way, My, have you heard already?”

“Heard what?”

Ilang sandaling tinitigan siya nito bago humakbang paatras. “Nothing. Ingat sa biyahe.” Charlotte gave her a sheepish smile before she pushed the door close. “Open pa rin pala ang offer ni Papa sa iyo. Maybe it’s about time na pagbigyan mo ang makulit na matandang iyon.”

“Kung magsalita ka, parang hindi mo tatay ang tinutukoy mo.” Lalo lang siyang nginisihan nito.

“Saan ho tayo, Ma’am?”

“Sa *Evangelion Village* po.”

“Kung bakit kasi sa dami ng lalaking puwede mong career-in, iyong nuknukan pa ng praning na amo ko ang napili mo. Alam mo bang daig pa n’on si Sadako na hindi alam kung saan talaga lalabas—kung sa balon ba o sa T.V.? Hindi na nga ako magtataka kung bukas lang, eh, magpa-press release iyon na kakandidato siyang presidente ng bansang ito.”

Abalang-abala si Myra sa pagbibilang ng gamu-gamong naglalaro sa poste di-kalayuan sa kinauupuan niya habang pinakikingan ang pagtatalo ng dalawa sa makukulit niyang mga kaibigan.

Naipit siya sa traffic kanina habang pauwi kaya ginabi siya nang husto. Nasiraan pa ang taxi na sinakyan niya kaya napilitan siyang maglakad. Hindi na rin kasi kalayuan iyon sa gate ng village nila. Dederecho na sana siya sa bahay niya ngunit nadaanan siya ni Cheryl na nang mga oras na iyon ay papunta rin pala sa bahay ni Vicky na ilang bloke lang ang layo sa tinitirhan niya.

Sa huli, hindi na nga siya pinakawalan pa ng mga ito dahil naligaw na rin doon ang isa pang miyembro

ng magulong grupo nila.

Nilingon niya si Karen na patangu-tango lang habang pinanonood ang dalawa. Oh, well. Matagal-tagal na rin naman noong huli niyang makasama ang mga ito. She might as well enjoy herself a bit.

“Eh, ano nga ang magagawa ko? Sa siya ang type ko,” sabi ni Vicky na agad namang kinontra ni Cheryl.

“Marami namang lalaking nakapila sa atensyon mo. Sila na lang ang pansinin mo at hayaan mong manahimik sa lungga niya si Boss James.”

“Cheryl, suportahan mo na lang kaya ako?”

“Ayokong mawalan ng trabaho.”

Napailing na lang si Myra nang balingan ang mga ito. Ayos sanang nakasama niya ang mga ito. Ang kaso, hindi niya gusto ang topic na pinagtatalunan ng dalawa.

Napalingon siya kay Karen nang ngumiti ito.

Hay, naku. Heto pa ang isa.

Open book sa kanilang lahat ang masidhing pagsinta nito kuno sa resident doctor ng village nila. Hindi nga lang nila sigurado kung seryoso ito sa binata.

“Hay, naku, ewan ko sa inyo. Hayan.” Itinambak ni Cheryl ang bowl ng potato chips sa kandungan ni Karen. “Kayo nitong si Karen ang mag-usap. Tatal, pareho kayong adik.” Tila nagulat pa ito nang mapalingon sa direksyon niya. “O, Myra, kumusta? Nandiyan ka pala. Humihinga ka pa ba?”

Binato niya ito ng nadampot niyang popcorn na kaharap niya. “Kanina pa kaya ako rito. Dumudugo na nga ang tainga ko sa pakikinig sa inyo.”

Nginisihan lamang siya ng kaibigan. Alam na alam ng mga ito ang matinding inis niya sa mga lalaki. Kaya nga paborito siyang asarin ng mga kabarkada dahil madalas ay nagwo-walk out talaga siya kapag lalaki na ang paksa.

“Hanggang ngayon ba, galit ka pa rin sa mga lalaki dahil sa nangyari sa inyo ni—”

“Walang nangyari sa amin,” sansala agad niya.

“Ows?”

Pinukol niya ito ng matalim na tingin nang maupo ito sa kanyang tabi.

“Huwag mo akong asarin kapag ganitong bad trip ako, Cheryl. I swear, itatanim kita kasama ng mga kamote sa bakuran ko.”

“Okay, okay.” Natahimik naman ito—nang mga two seconds. “So, hanggang ngayon ba, galit ka pa rin dahil sa ginawa ni Cal—”

“Wag mo ngang mabanggit-banggit ang pangalan ng impaktong iyon. Baka malasin lang ang bahay ni Victoria.”

“Myra, that was almost ten years ago. Hindi mo pa rin ba siya napapatawad?”

“Nag-sorry ba siya?”

“Tatanggapin mo ba ang sorry niya?”

“Hindi.”

“See? So why don’t you just forget about him and find someone new? Move on, My.”

Kunot-noong binalingan niya ito. “Anong ‘find someone new’ at ‘move on’ ang pinagsasabi mo riyan? Don’t make it sound like we had a past.”

“Wala ba?” singit ni Karen na nakikinig na pala sa kanila.

“Wala—aray!” Napapikit siya nang tuktukan sila ni Vicky sa noo.

“Aray naman... Victoria, ha? Papatulan kita.”

Pinandilatan lang nito si Karen. “Ang namemeligrong love life ko ang topic dito. Bakit parang hindi kayo interesado?” Lalo pa silang pinandilatan nito. “Ini-snub ni James ang beauty ko.”

Inakbayan ito ni Karen. “Interesado naman ako. In fact, nakaka-relate pa nga ako.” Nabaling dito ang atensyon nila. “Ipinagpalit na naman ako ni Jaron.”

“Babae?” tanong ni Cheryl.

“Pasyente.” Pumalatak ito. “Pakipot talaga ang lalaking iyon.”

“Ang sabihin mo, makapal lang talaga ang mukha mo.” Iiling-iling na lang siyang tumayo. “Naku, mabuti na lang at wala si Gabrielle ngayon dito. Kung hindi, dumudugo na kayong dalawa ngayon sa sobrang kapraningan ninyo.”

“Uuwi ka na? Sabay na tayo.” Dinampot nito ang pinakamamahal nitong camera bago binalingan si Karen. “Ikaw, umuwi ka na rin. Tama na iyang pakiki-trip mo kay Victoria.”

“Mauna na ako sa iyo, Che,” paalam niya saka lumabas ng bakuran ni Vicky.

“Hindi mo na ba ako hihintayin? Ihahatid na kita sa bahay mo.”

Itinuro niya si Karen na talagang hinihiritan pa si Vicky na mataman namang nakikinig sa sinasabi nito.

“Kung ako sa iyo, bitbitin mo na iyang si Karen bago pa niya mauto si Vicky na gahasain ang boss mo.”

Kunot-noong binalikan nito ang kaibigan. Nakakailang hakbang na siya palayo nang tawagin uli siya nito.

“Bakit?” tanong niya nang ilang sandaling pinagmamasdan lamang siya ng mga ito.

Seryosong tiningnan siya ni Cheryl. “Are you still in love with Calvin?”

Kamuntik na niya itong batuhin ng sapatos nang marinig ang pangalang pinakaiwas-iwasan niyang banggitin at marinig.

“Ano ba’ng pinagsasasabi mo rian, ha, Cheryl?” asik niya rito bago nagsimulang magmartsa palayo. “I’m not, and was never in love with that creep!” sigaw niya nang marinig ang tawanan ng mga ito. “Argh! What the hell is wrong with me?”

Napahinto siya sa harap ng bakuran ng katapat-bahay niya. Madilim na madilim pa rin iyon gaya noong nagdaang mga taon mula nang araw na

maabandona iyon.

Nasapo niya ang dibdib. Aminin man niya o hindi, apektado pa rin siya ng mga nangyari may sampung taon na ang nakakaraan. Patunay roon ang pamilyar na mabilis na pagtibok ng kanyang puso.

“Umayos ka nga, Myra. Hindi ka na dapat pa nagpapaapekto sa kahit anong may kinalaman sa ungas na iyon, okay?” Tinapik niya ang kanyang pisngi saka muling nilingon ang bahay. Hayun na naman ang pamilyar na kirot sa kanyang puso.

Dala ng sobrang frustration at inis, basta na lang siya dumampot ng bato at buong lakas iyong ibinato sa bintana na dati ay paborito niyang tanawin.

It was her first love's room.

Yes, her first love. Minsan sa buhay niya ay nagmahal siya—at nasaktan.

Nang bonggang-bongga.

She took a deep breath. Kahit paano ay naibsan ang frustration niya. Luminga-linga siya sa paligid. Mabuti na lang at walang tao. Saka na niya pananagutan ang krimeng ginawa niya, kapag hindi na mainit ang ulo niya.

Babalik na sana siya sa kanila nang biglang

bumukas ang front door ng bahay na biniktima niya.

Hindi ba't matagal nang abandonado ang bahay na iyon? Kung ganoon, sino ang—

“Who the hell threw this?” asked the baritone voice.

She did not know why but there was this itchy feeling at the back of her mind that told her she knew that voice. Pilit na inaninag niya ito.

“Ikaw ba ang bumato sa bintana ko?”

Daig pa niya ang itinulos sa kinatatayuan nang tuluyan na itong lumabas at masinagan ang mukha nito ng liwanag mula sa mga poste. Because the man standing just a few meters away from her—stone on hand and a reddening bump on his forehead—was the very same man who broke her heart ten years ago.

Oh, no!

2

Ikinurap-kurap ni Myra ang mga mata. Totoo ba ang nakikita niya?

“Ikaw ba ang bumato ng bintana ko?” ulit nito nang makalapit sa kanya.

“Calvin?” usal niya habang pinagmamasdan ito.

“Yeah?”

“As in, Calvin Nieves III?”

Namaywang ito saka siya tinitigan. “Do I know you?”

Noon lang siya tila nahimasmasan. Tama ba ang narinig niya? The man who gave her her biggest heartache did not remember her at all?

Buong tapang na sinalubong niya ang tingin nito nang muli itong magsalita.

“You haven’t answered my question yet. Ikaw ba ang bumato ng bintana ko?”

“Kapag ba sinabi kong ‘oo’, ano’ng gagawin mo?”

“I will report you to the police.”

“Okay.” She gave him a sarcastic smile before looking up at his broken window. “Ako nga ang bumato ng bintana mo. O, ano pa’ng ginagawa mo riyang? Akala ko ba, ipapapulis mo ako?”

Kung nagulat man ito sa mabilisang pag-amin niya ay hindi na niya napansin dahil mabilis na naging blangko ang ekspresyon ng mukha nito.

Ang akala niya ay tatawag na talaga ito ng pulis nang dumukot ito sa bulsa. Laking gulat pa niya nang basta na lang siyang haklitin nito sa braso at walang sabi-sabing hinila papasok sa madilim na bahay nito.

“T-teka! S’an mo ako dadalhin? Akala ko ba, ipapapulis mo ako?”

Hindi siya takot sa dilim at mas lalong hindi siya takot sa lalaki dahil alam niyang kaya niyang ipagtanggol ang sarili. What she was really afraid of at that moment was the way her heart reacted toward Calvin. Sa simpleng pagkakahawak nito sa kanya, parang nakakalimutan na niyang sampung taon niyang isinumpa ito.

And she did not like the feeling one bit.

“Hoy!” Pilit niyang binawi ang braso mula rito ngunit walang nangyari. His grip was so firm it was as if he didn’t want to let her go...

Hayan ka na naman, Myra.

Mabilis na ipinilig niya ang ulo. “Alam mo, Calvin, hindi lang bintana mo ang kaya kong basagin. Kaya kung ako sa iyo—”

“I changed my mind.” May kinalabit itong kung ano bago nagliwanag ang buong paligid. Iba’t ibang laki ng kahon ang nakita niyang nakatambak sa sala. “Bayaran mo na lang ang mga nasira mo.”

Lukot ang mukhang nilingon niya ito. “Fine. Iyon lang naman pala, kinaladkad mo pa ako rito. Magkano ba ang kailangan mo?”

“Isang milyon.”

“What!” May bintana bang ganoon kamahal? “Ginto ba ’yang bintana mo at kailangang isang milyon ang singilin mo? Hoy, Mister, kahit bali-baligtarin mo ako ngayon dito, hinding-hindi ko babayaran ng isang milyon ’yan.”

“Imported from Madrid pa ang bintanang iyon. And it was my late grandfather who brought it here. Kung isasama pati ang mga alaalang nakakabit sa bintanang iyon, kulang pa nga ang isang milyon.”

Well, he had a point. At kung hindi siya nagkakamali, ang lolo pa nito mismo ang nagkabit

niyon.

“Wala akong isang milyon.” Dinukot niya ang wallet niya sa bulsa ng pantalon saka iyon iniabot dito. “Hindi ko alam kung magkano ang laman niyan. Pakibilang na lang at ’yong kulang, saka ko na pag-iisipan kung paano ko babayaran.”

Ngunit sa halip na abutin iyon ay itinuro lang nito ang mga nagkalat sa paligid nila. “I don’t really need your money.” Tinapik nito ang kahon sa tabi nito. “But I do need some help. How about you help me fix this mess and I’ll forget about my broken window?”

Lalong nangunot ang kanyang noo. “Ako ba, pinagtitripan mo?” Tinapik niya ang kamay nitong nakahawak pa rin sa braso niya. “Pakawalan mo ako o sasapitin mo ang sinapit ng bintana mo.”

Still, he didn’t let her go. “Ano ba’ng masama sa suggestion ko? You don’t have the money to pay for it anyway. Why not work it off? Praktikal pa nga iyon.”

Again, may punto ito. Isang beses pa niyang inilibot ang paningin sa mga kahon sa paligid nila.

“Ano ba kasi’ng laman ng mga iyan?”

“Stuff.” Binitiwang nito ang braso niya at binuksan ang kahong katabi nito. Isang tambak na libro ang

bumulaga sa kanya. “I’m moving back here kaya kailangan ko rin ng tulong.”

“Moving back—dito ka na uli titira?” Kahit siya ay natigilan nang lingunin siya nito. “I mean, ang akala ko kasi dati, haunted house ang bahay na ito.”

“Kinailangan naming iwan ang bahay na ito noon. It was so sudden kaya hindi na kami nakakuha ng mag-aalaga rito. So now, I have to at least clear the dust off for me to be able to live here. Again.”

Natagpuan niya ang sariling nakatitig lang sa binata. He just mentioned the past. Na para bang wala lang iyon para rito. Na para bang wala itong iniwan sa lugar na iyon.

Naramdaman niya ang pag-iinit ng kanyang mga mata kaya itinuon na lang niya sa sahig ang kanyang atensyon. Mentally, pinosasan at ikinadena na rin niya ang kanyang puso.

Because no matter how much she hated to admit it, nasasaktan siya nang mga sandaling iyon.

She cleared her throat before turning to him again. “Sige. Tutulungan kita sa pag-aayos at pagre- renovate na rin nitong bahay mo bilang kabayaran sa ginawa kong pang-aapi sa bintana mo. Pero hindi ngayon, ha? Medyo late na kasi. Bukas na lang ako

magsisimula ng pagbabayad sa iyo.”

Tinalikuran na niya ito bago pa nito mahalata ang pagbabago sa mood niya. Ngunit hindi pa man siya nakakaisang hakbang ay pinigilan siya nito muli sa braso.

“Sandali.” May tinanggal itong kung ano sa ulo niya. It was a piece of popcorn. “I didn’t get your name.”

Kahit pinosasan at ikinadena na niya ang kanyang puso, nakaramdam pa rin iyon ng tila mumunting kirot. Hindi talaga siya natatandaan nito.

How dare you forget my name! piping hiyaw ng isip niya. Ako lang naman ang babaeng basta mo na lang nilayasan at pinagmukhang tanga pagkatapos kong magtapat nang walang kamatayang pag-ibig ko sa iyong ugok ka!

Lalong nadagdagan ang asar niya nang muling masulyapan ang guwapong mukha nito.

“Doraemon,” asar na sagot niya. “But you can call me Dora. Sige, good night.”

Ngunit sa halip na pakawalan ay muli lamang siyang hinila nito. There was a mysterious glint in his eyes as he looked at her.

“Ano na naman?” Isang maling tanong pa mula rito, talagang hahatawin na niya ito ng kahit anong madadampot niya.

“Hindi pa tayo tapos mag-usap.” He pointed at his forehead. Noon lang niya napansin ang naghuhumiyaw na bukol doon. “Hindi lang ang bintana ko ang inapi mo. Hindi ito kasama sa isang milyon.”

Kahit gustung-gusto na niya itong sakalin ay hindi pa rin niya maiwasang mag-alala rito. Mukhang napuruhan talaga ito sa ginawa niya kanina.

Napabuntong-hininga si Myra nang lapitan ito at inspeksyunin ang noo nito. Kinalimutan muna niya ang sariling sentimyento nang makitang may mumunting galos pa sa mukha nito na marahil ay dala ng nabasag na salamin ng bintana.

“May yelo ka ba rito?” tanong niya habang tinatangal ang maliliit na bubog na dumikit sa mukha nito.

“Wala.”

“Dito ka lang. Ikukuha kita ng ice pack sa bahay ko. Kung may first aid kit ka, pakilabas na lang din at nang malagyan agad iyang mga galos mo.”

“Okay.”

Napakunot ang kanyang noo nang lingunin ito. Hindi siya sigurado kung ngiti nga ba iyong nakita niyang nakaguhit sa mga labi nito bago siya nito tinalikuran at sinimulang halungkatin ang isa sa mga kahon doon.

Nagkibit-balikat na lamang siya saka lumabas ng bahay nito para kumuha ng yelo. Binitbit na rin niya ang first aid kit niya para sigurado.

Muntik na siyang mapatili nang muli itong balikan. Kung makalat ang bahay nito kanina, ngayon ay mukha na iyong dinaanan ng bagyo dahil sa nagkalat na mga gamit na kanina ay maayos pang nakasalansan sa mga kahon.

“Aww—”

Nagmamadaling nilapitan niya ang pinanggalingan ng ingay. Nataranta pa siya nang makitang natabunan na ng mga gamit ang binata at ang kamay na lang nito ang nakalabas mula sa mga nakatambak dito.

“Calvin!” Mabilis na sinaklolohan niya ito. “What the hell are you doing?” Kulang na lang talaga ay batukan niya ito habang pinapagpag ang mga kumapit na alikabok sa katawan nito.

“I was looking for my first aid kit.”

“Down there?” Napangiwi siya nang malukot ang mukha nito. Sa halip na kutusan ay isinalpak na lang niya ang dalang ice pack sa noo nito.

“Aray! Dahan-dahan naman, Dora...” Napaigik ito nang idiin niya iyon lalo sa bukol nito.

Asar na dinampot niya ang first aid kit na dala niya. “Hawakan mo iyang yelo at nang lumiit iyang bukol mo.” Nilagyan niya ng *Betadine* ang mga galos nito sa mukha. “Ano ba kasi’ng ginagawa mo sa bintana at kailangang doon ka pa pumuwesto?”

Tila nag-alinlangan pa ito bago sumagot. “Namiss ko ang paborito kong spot sa bahay na ito. Doon din kasi ako madalas tumambay... noon.”

Napadiin ang pagpupunas niya sa sugat nito.

“Ah,” aniyang wala na sa ginagawa ang atensyon.

Mas abala siya sa pagpapakalma ng puso niya. He was talking about the past again. Ang kaso, hindi naman nito maalala ang mga bagay na kasali siya.

She felt that familiar pain in her heart. Nabubuwisit na nilagyan niya ng *Band-Aid* ang mga sugat nito. “Hayan, okay na. Siguro naman, absuwelto na ako sa isang iyan.” Itinuro niya ang noo nitong may cold

compress pa. “Kapag namamaga pa rin iyan bukas, dadalhin na kita kay Jaron.”

“Jaron?”

“Our village’s resident doctor. Don’t worry. Kahit mukhang laging maligalig ang taong iyon, he’s still one hell of a doctor.” Dinampot niya ang kit saka tinungo ang pinto. “Huwag ka nga palang mag-alala. Diyan lang ako sa tapat nakatira. Kapag sa tingin mo, tinakasan kita, puwede mong batuhin ang lahat ng bintana sa bahay ko. Anyway, wala naman akong planong takasan ka. Anong oras mo nga pala ako kailangan bukas?”

Nakamasid lang ito sa kanya. Mukhang may gusto pa itong sabihin ngunit sa huli ay pinili na lamang manahimik. Isinandal nito ang ulo sa kahon sa likod nito saka tumingala bago muling inilapat ang ice pack sa noo.

“Be here by seven.”

“Seven?” Tiningnan niya ang relong pambisig. “It’s past one a.m., baka naman gusto mo muna akong patulugin, Hijo?”

“You can sleep here if you want. Para hindi mo inaalala ang oras mo.”

Sleep? In his house? With him?

Manahimik ka, Myra. Tandaan mo, malaki ang galit mo sa kurimaw na iyan.

“Hindi na.” She opened the front door. “I’ll be here by seven then.”

“You can have your breakfast here. Oh, and yeah.” She had already shut the door close when she heard him spoke again. “It’s nice to see you again, Myra.”

3

Lukot na lukot ang mukha ni Myra habang nakatayo sa harap ng pinto ni Calvin. Ramdam na ramdam niya ang paglaylay ng eyebags niya.

Nang nakaraang gabi, pagkatapos niyang iwan ang binata ay hindi na siya nakatulog pa dahil sa huling sinabi nito. Magdamag niyang pinag-isipan kung talaga bang narinig niyang tinawag siya nito sa kanyang pangalan o guni-guni lang niya ang lahat.

“Ang gagong ’yon,” aniya nang buksan ang pinto. “Pagkatapos akong layasan at paghintayin nang sampung taon, heto’t pinasasakit na naman ang ulo ko.” Lalong napakunot ang kanyang noo. “And he didn’t even lock his stupid door.”

Lalong sumakit ang ulo niya nang tuluyang makapasok sa bahay nito.

“What the....?” She picked up something from the floor. It looked like a huge piece of a jigsaw puzzle. “Bakit nagkaganito dito?”

Sa pagkakatanda niya, hindi pa iyon ganoon kagulo nang iwan niya nang nagdaang gabi. The house was already a mess, but this...?

Dahan-dahang hinakbangan niya ang mga nagkalat na libro, frames, unan at kung anu-ano pang gamit ng binata na maayos pang nakasalansan sa mga kahon nang iwan niya kagabi.

And speaking of that guy...

“Nasaan na ba ang lalaking iyon?” Sinipat niya ang relong-pambisig. Pasado alas siete na ng umaga. “Pambihira. Siya itong demanding na nagpapunta sa akin dito nang ganito kaaga ’tapos...”

Napahinto siya sa paghakbang nang maramdaman ang kung ano sa tinatapakan niya. Alam niyang nakatapak siya sa sahig, pero parang may weird—

“Ay, kabayo!” Napalundag siya nang wala sa oras nang gumalaw ang kinatatayuan niya. Unable to hold onto something, basta na lang siya bumagsak sa kung anong mainit na ‘bagay’ na iyon.

“Aray...” Itinukod niya ang mga braso sa ‘bagay’ na kinabagsakan niya upang makatayo. “Pahamak talaga ang lalaking iyon. Ano ba kasi’ng ginawa niya at naging basurahan itong bahay niya? Dapat yata, palahin ko na lang ang mga ito at ilibing sa bakuran ko.”

Napatuwid siya ng upo nang muling gumalaw ang kinalugmukan niya.

“You’re a bit heavy.” Tila slow motion pa ang lahat nang muling kumilos ang ngayon ay inuupuan na niya para tanggalin ang ilang librong nagkalat sa katawan at mukha nito. “I like your current position now, but I still prefer to be on top.”

Her jaws literally dropped when Calvin’s handsome face greeted her. Anak ng tilapia!

Walang nagawa ang pobreng puso niya nang mapagmasdan ang guwapong mukha nito. Yep. There was no doubt that this was the boy—now, a man—who broke her young heart.

His boyish good looks didn’t change at all. Mas na-enhance lamang iyon ng nagdaang mga taon. He still had that shiny, raven-black hair, that perfect nose, smooth skin and those adorable sweet-looking lips.

And those eyes...

“You know, this little scene of ours is cute. But you really have to get off me. I can’t breathe...”

Mabilis na tumayo siya.

“Ahh... akala ko talaga, mapipisa na ako.” Dahan-dahang bumangon ito habang tinatanggal ang mga librong nakatambak sa mga binti nito. “What happened here?”

She took a deep breath para kahit paano ay makalma ang nagwawalang puso niya. *Goodness!*

“Sarili mo dapat ang tinatanong mo niyan.” Tumayo siya sa harap mismo nito. “Ano ba’ng ginawa mo rito kagabi at nagkaganito itong tinatawag mong bahay?”

Naghihikab pa ito habang nagkakamot sa ulo nang tingalain siya. “You weren’t trying to bury me alive?”

“Bakit naman kita ililibing nang buhay?”

“Well, you know, for leaving without telling you.”

Ramdam na ramdam niya ang pagbilis ng tibok ng kanyang puso nang marinig ang sinabi nito. She knew she should already be mad at him. Dapat ay ginugulpi na niya ito at nirararat nang mga sandaling iyon. But her heart betrayed what her mind was telling her. Dahil kahit na gaano pa idikta ng isip niya na kamuhian ito, hindi pa rin magawa ng puso niya.

And to her utter dismay, even her mind went blank when Calvin leaned back and looked at her. “I’m really sorry I left without telling you, My. It’s just that, things happened so fast I had to make my choice.”

She knew she shouldn't look in his eyes. But when his eyes met hers, she couldn't pull away anymore. Kitang-kita niya ang kakaibang kislap na iyon sa mga mata nito nang ngitian siya.

“You look really nice from here, by the way.”

“Maganda ako kahit saang anggulo.”

“Hmm...”

With one lazy smile, bigla na lamang itong bumagsak uli sa sahig.

“Calvin!” Mabilis na dinaluhan niya ito. Nakahinga siya nang maluwag nang marinig ang payapang paghinga nito. “Sira-ulo ka, talaga.”

Hindi niya napigil ang mapangiti habang pinagmamasdan ang pagtulog nito. He looked like a sleeping baby.

Marahang hinaplos niya ang buhok ng binata. “You're such a jerk, Calvin. Bakit mo sinabing hindi mo ako kilala? You called me by my name. Twice.” Naramdaman niya ang pag-iinit ng sulok ng kanyang mga mata.

“Ano ba 'tong ginagawa ko?” Pinitik niya ang noo nitong may maliit pang bukol. “Hindi ko alam kung ano'ng dahilan at basta ka na lang nawala noon

pagkatapos ng lahat. Pero kung ano pa man 'yon, gusto kong marinig mismo mula sa iyo.” She pinched his cheeks really hard before she stood up.

Somehow, she felt a little better. Dahil kahit paano, hindi pala totoong hindi siya maalala nito. He must have had his reasons. At kung ano man ang dahilan nito, handa siyang pakinggan.

Napangiwi siya nang kumulo ang sikmura niya. Hindi pa siya nakakapag-almusal dahil ang sabi nito ay roon na siya mag-agahan.

Nilingon niya ang binatang himbing na himbing sa pagtulog. Mukhang pagod na pagod ito.

“Hay, naku, Calvin. Ano ba’ng gagawin ko sa iyong lalaki ka?” Muling nag-ingay ang sikmura niya. “Oo na, oo na. Maghintay kayo at pakakainin ko na rin kayo.”

Napakamot siya sa kilay nang muling mapagmasdan ang paligid.

“Now, all I have to do is *dig* up something to eat.”

“Ayoko na! Hindi ko na ito kaya!”

Basta na lang ibinagsak ni Myra ang sarili sa sahig

na katatapos lang niyang linisan mula sa gabundok na alikabok.

“Grabe, ngayon lang yata ako napagod nang ganito. Kahit sa mga kuko ni Sir Razon kapag endurance training noon, hindi ko ito nararanasan.” Iginala niya ang paningin sa paligid na ngayon ay may kaayusan na kahit paano.

Well, almost.

Sa gitna kasi ng maluwag na sala ay tila may isang lugar pa ng bangungot. Naroon at nakalatag pa rin ang malaking pigura ni Calvin katabi ang ilang mga kahon na nadaganan na nito.

Napasimangot siya nang ngumiti ito. “Ang sarap talagang palahin ng lalaking ito. Ang usapan namin, tutulungan ko lang siyang mag-ayos nitong bahay niya—nang alas siete.” Sinulyapan niya ang wall clock na isinabit niya. “Pasado ala-una na, hayun at naghihilik pa rin.”

Dinampot niya ang katabing walis saka gumapang palapit sa kababata. “God, this is just great. I can’t even walk on my feet.” Huminto siya may isang metro ang layo mula rito. “Pakiramdam ko, kamanyakan itong ginagawa ko.”

Kaya bago pa siya may magawang pagsisisihan

niya ay lalayo na siya. Mabuti na ang sigurado.

Binaliktad niya ang hawak na walis saka sinundot ang binti nito. “Hoy, Calvin! Baka naman balak mo nang tumayo riyang at tulongan ako. Alam mo iyon, tulong?” She poked his leg again. “Calvin!”

Ngunit hindi man lang ito natinag. Sa asar ay hinampas na niya ito ng hawak na walis. Agad itong napadilat at napaigik sa sakit.

“Aww—damn it!” Hindi nito malaman kung paano hihimasin ang nasaktang binti. “What the heck did you do that for?”

Iniamba niya rito ang hawak na walis. “Huwag mo akong masigaw-sigawan kapag ganitong gutom ako, Calvin. Baka gusto mong ikaw ang ulamin ko.” Pinandilatan niya ito nang akmang sasagot pa ito. “Ang sabi mo kagabi, or rather, kanina, ikaw na ang bahala sa almusal ko. Pero inamag na ako’t lahat dito sa bahay mo, naghihilik ka pa rin. Aba’y anong petsa na?”

Tila nagtataka pang nilingon nito ang bintana. “Anong oras na ba?”

Itinaas niya ang walis saka itinuro ang wall clock. “Pasado ala-una na, Hijo.”

“What?” Mabilis na gumala ang mga mata nito sa paligid bago nito itinuon ang tingin sa kanya. He surveyed her from head to toe. “You cleaned up everything already?”

It was her turn to knot her forehead. “Bakit parang hindi ka yata masaya? Di ba, ito naman ang gusto mo?”

“I didn’t ask you to clean the whole place by yourself.”

“Eh, alangan namang hintayin kitang magising?” She forced herself to stand up. “Isa pa, you looked really tired. Hindi naman ako gan’on ka-walang puso para bulabugin ka pa. Anyway, nagawa ko naman na. I tidied up your place for you.” Napabuntong-hininga na lang siya nang dumako ang mga mata sa hinigaan nito. “Pero sa tingin ko, I still missed a spot.”

“You should’ve woken me up.”

“You looked really tired,” ulit niya.

Sa hitsura nito ngayon, mukhang frustrated ito sa hindi niya malamang kadahilanan. Magtatanong na sana siya kung ano ang problema nito nang mapansing titig na titig ito sa kanya.

“What?” Bigla siyang nag-iwas ng tingin. Hindi

niya matagalan ang titig nito. Nagsisimula na siyang mailang kaya basta na lang niya itong tinalikuran. “Siguro naman, bayad na ako sa utang ko sa iyo. I already did my part of the deal. Ikaw na ang bahala rian sa ginulungan mo. Kaunti lang naman iyan kaya sa tingin ko kaya mo na ’yan.”

Daig pa niya ang tinangay ng ipu-ipo nang walang sabi-sabing lumapit ito sa kanya at hinawakan ang kamay niya at walang imik na ininspeksyon iyon.

Mukhang hindi pa ito nakuntento kaya iginiya pa siya nito sa sofa na naroon at sapilitang pinaupo. Wala siyang nagawa nang maramdaman ang init na hatid ng kamay nitong masuyong humahaplos sa kamay niya.

Nasisiraan ka na talaga, Myra Inocencio. You’re not supposed to feel what you’re feeling right now for this jerk...

“Your hands are bruised.” Patuloy nitong hinaplos ang kamay niya.

For this stupid, handsome, gentle, jerk...

“I told you. You should’ve woken me up. Tingnan mo tuloy ang nangyari sa mga kamay mo.”

To her utter surprise, Calvin took her hand to his

lips and pressed a gentle kiss on it.

Napatitig na lang siya sa mukha nito.

Calvin was so close yet so far from her. Alam niyang hindi na niya dapat binibigyang-pansin ang anumang nararamdaman niya para rito ngunit hindi niya masaway ang puso niya.

Dahil nang mga sandaling iyon, tila isang napakagandang panaginip ang nangyayari sa kanya—being this close to Calvin and feeling the gentleness of his every touch.

“Does it hurt?” When his eyes met hers, she knew it was time for her to wake up.

Mabilis na binawi niya rito ang kamay. “Hindi ka rin naman mabilis, Hijo. Nalingat lang ako sandali, nananantsansing ka na.”

“I was not—”

“Wag kang makulit. Kapag sinabi kong nananantsing ka, nananantsing ka.” Isinalpak niya rito ang hawak na walis. “O, ’ayan. Tatal naman, gising ka na at nakapaglinis na ako rito sa bahay mo. Siguro naman, wala na akong utang sa iyo at sa bintana mo. Kaya ngayon, mag-move on na tayo sa ating mga buhay-buhay at nang umunlad ang

bansang ito.”

Napakamot siya sa kilay nang mangunot ang noo nito.

“Ah, eh, sige. Mauna na ako.” Itinuro niya ang pinto. “Don’t forget to lock your door.”

Clutching her fist, she walked toward the door. Hindi niya ma-take ang nangyayari sa kanya mula nang muling magkrus ang mga landas nila ng lalaking dapat ay ipinababaril na niya ngayon dahil sa ginawa nito.

Huminto siya sa tapat ng pinto. Somehow, she could feel a little disappointment in her heart. Inaasahan niyang pipigilan man lang sana siya nito.

Wake up, Myra. Hindi ka na dapat na umaasa pa.

Sa loob ng mahabang panahon, aaminin na niya sa kanyang sarili na hindi talaga siya galit dito. She was hurt but she never hated Calvin. *Not even once.*

“Calvin,” aniyang hindi ito nililingon. “Can I ask you one thing?” Hindi niya ito narinig na sumagot. “I’m still gonna ask even if you don’t want me to.” Mariin niyang ipinikit ang mga mata. “Did you... did you hate me for ... for loving you before? Kaya ka ba umalis ay dahil sa mga... sinabi ko sa iyo noon?”

To Your Heart Again - Larei Samaniego

There. Sa loob ng halos sampung taon, nailabas na rin niya ang katanungang gumugulo sa isip at puso niya. Ang katanungang iniwasan niya nang mahabang panahon. Ang kaisa-isang katanungang ninais niyang magkaroon ng kasagutan mula noong araw na matagpuan na lamang niyang wala na ito...